



Department of  
Toxic Substances  
Control

*Preventing*

*environmental*

*damage from*

*hazardous waste,*

*and restoring*

*contaminated*

*sites for all*

*Californians.*



State of California



California  
Environmental  
Protection Agency

## Ulat ng Impormasyon, Mayo 2006

# PASILIDAD NG LUPANG TAPUNAN NG BASURA NG BKK: BAGONG-ULAT UKOL SA ORDINANSA SA PAGBIBIGAY PAHINTULOT AT BABALA AYON SA PROPOSISYON 65 UKOL SA VINYL CHLORIDE

Inilabas ng Departamento ng Pamamahala ng Mga Bagay na May-lason (Department of Toxic Substances Control [DTSC]) ang maraming ulat ng impormasyon sa mga nakaraang buwan upang ipaalam sa komunidad ang tungkol sa mga gawaing pang-sagot sa emerhensiya sa Pasilidad na Lupang Tapunan ng Basura ng BKK (Pasilidad). Ang ulat ng impormasyon na ito ay nagbibigay ng sariwang pag-uulat sa komunidad tungkol kakaaprubang Ordinansa sa Pagbibigay Pahintulot (consent decree) at tinalakay ang mga kasulatang ipinadala sa mga residente ukol sa vinyl chloride. Ang mga impormasyon, dokumento at ang mga naunang ulat impormasyon na nauukol sa Pasilidad ay maaaring makita sa iba't-ibang lokasyon na matatagpuan sa ika-apat na pahina ng ulat ng impormasyon na ito. Ang Pasilidad na pag-aari at pinatatakbo ng BKK Corporation (BKK), ay matatagpuan sa 2210 South Azusa Avenue sa Siyudad ng West Covina.

### Buod ng Ordinansa sa Pagbibigay Pahintulot

Noong Disyembre 2004, nagpalabas ng kautusan ang DTSC sa limampung- isang mga kompanya (kabilang na ang BKK) at sa mga ahensiya ng pamahalaan, na tinatawag na «responsibleng partido». Bukod sa BKK, naniniwala ang DTSC na ang mga partidong ito ay mga dating kostumer ng BKK, Tipong I na Lupang Tapunan ng Basura (mapanganib na basura) o mga humalili sa mga dating may-ari at nagpapatakbo sa lugar. Noong Oktubre 2005, may dalawampung- anim na partido, kasama na ang dalawampung- limang kompanya at isang pampublikong ahensiya, na tinatawag na «Mga Nakikipagkasundong Defendant», ang pumirma ng kasunduan upang magbigay ng suportang pampinansiyal sa DTSC at pangunahan ang ibang mga mahahalagang aktibidad sa lugar. Karamihan sa mga Nakikipagkasundong Defendant ay tinukoy sa ordinansa ng DTSC noong Disyembre 2004.

Ang kasunduan sa pagitan ng DTSC at sa mga Nakikipagkasundong Defendant ay tinatawag na ordinansa sa pagbibigay pahintulot. Ang ordinansa sa pagbibigay pahintulot ay isang kautusang hudisyal na dumaan sa negosasyon at pinagkasunduan ng mga partido at isinumite sa korte upang aprubahan. Matapos itong matapos at maaprubahan, ito ay magkakaroon ng kapangyarihang tulad ng sa isang kautusang panghukuman. Noong ika-31 ng Oktubre taong 2005, ipinasok ng Tanggapan ng Attorney General ng California (California Attorney General's Office) na kumakatawan sa DTSC, ang Ordinansa ng Pagbibigay Pahintulot ng BKK sa Korte Pederal na Distrito (Federal District Court), Sentral na Distrito ng California (Central District of California). Napagkasunduan ng mga partido ang ilan sa mga pagbabago sa Ordinansa sa Pagbibigay Pahintulot at inaprubahan ng korte ang napagkasunduang Ordinansa ng Pagbibigay Pahintulot noong ika-9 ng Marso taong 2006.



Inuutos ng Ordinansa sa pagbibigay pahintulot ng BKK ang mga Nakikipagkasundong Defendant na magsagawa ng mga kinakailangang aktibidad sa lugar ng tapunan ng basura sa loob ng dalawang taon. Umupa ang mga Nakikipagkasundong Defendant ng mga SCS Engineers (SCS) upang isagawa ang trabaho. Ang SCS ay mayroong malawak na karanasan sa pagtatrabaho sa mga masasalimuot na tapunan ng basura. Simula noong Nobyembre 2005, naglagay ang kompanyang ito ng isang grupo ng mga manggagawa sa pasilidad ng BKK upang magtrabaho katulong ng DTSC at ng kontratista nito, ang Engineering Remediation Resources Group (ERRG), upang maging pamilyar sa lahat ng aspeto ng pagpapatakbo ng Pasilidad. Karamihan sa mga dating empleyado ng BKK, na inupahan ng ERRG noong Nobyembre 2004, ay lumipat sa SCS upang tumulong sa pagsiguro sa walang gusot na pagtakbo at pagpapatuloy ng lahat ng mga operasyon. Nagbigay din ng mga plano ukol sa proyekto at mga planong pangkalusugan at pangkaligtasan ang SCS para sa pag-aaprubang DTSC. Noong ika-20 ng Marso taong 2006, nanguna na sa pangangasiwa ang SCS para sa mga mahahalagang gawaing tinatalakay sa Ordinansa sa pagbibigay pahintulot.

Ang pinakamalaking bahagi ng trabaho ng SCS ay kinabibilangan ng pagsasagawa ng mga mahahalagang pangangalaga sa mga Pasilidad na


maaaring ihalintulad sa mga gawain ng kontratista ng DTSC sa loob ng labinlimang buwan bago pa ang paghalili ng SCS. Ang mga trabahong ito ay kinabibilangan ng:

- Pagsasagawa ng mga pag-aaral ng Tipong I na lupang tapunan ng basura upang alamin ang pinagmumulan ng paglabas ng vinyl chloride at pagkakangawa nito upang mabawasan ang mga paglabas na ito;
- Pagpapagawa at pag-eestabilisa ng leachate ng treatment plant ng Pasilidad; at
- Pagpapagawa sa dalawang estasyong nagbubuga ng gas (gas flare stations) na ginagamit upang sumunog ng gas na nalilikha ng Pasilidad ng lupang tapunan ng basura.

Ang mga Nakikipagkasundong Defendant ay pumayag rin na magbayad ng itinakdang bayarin ng DTSC na kabilang sa mga aspeto ng mga trabaho sa Pasilidad sa panahon ng termino ng ordinansa sa pagbibigay pahintulot.

#### **Magpapatuloy ang Pakikiisa ng DTSC**

Ang DTSC ay nangangako na sisiguruhing ang mga Pasilidad at mga sistemang kabilang nito ay mapatatakbo ng maayos at napangangalagaan upang maprotektahan ang kalusugan at siguridad ng publiko. Ipagpapatuloy ng DTSC ang



pagtatalaga ng mga tauhan sa lugar upang bantayan ang trabaho ng mga Nakikipagkasundong Defendant at ng SCS. Ang kontratista ng DTSC ay mananatili rin sa lugar ng gawaan upang tapusin ang ibang mga proyekto upang makapagbigay ng suportang teknikal.

### **Kalagayan ng Pasilidad ng BKK ukol sa Proposisyon 65 na nagbabala para sa Vinyl Chloride Kalagayan ng Pasilidad ng BKK ukol sa**

Dahil sa ang DTSC ang nagpasimula sa mga gawaing pangsaagot sa emerhensiya sa Pasilidad, nagpalabas ang BKK ng Proposisyon 65 na nagbabala para sa pagpapakawala ng vinyl chloride tuwing ikatlong buwan, simula noong Disyembre 2004. Sa ilalim ng Proposisyon 65, ang mga negosyo ay kinakailangang magbigay ng mga babala na tulad nito sa sino man na maaaring malapit sa isang ispesipikong kemikal na nasa listahan na mas higit kaysa sa kinikilalang antas. Ang kinilalang antas ng babala para sa vinyl chloride ay 0.05 na parte kada bilyon (parts per billion [ppb]) sa hangin. Ang mga babala ng Proposisyon 65 ay idinisenyo upang ipaalam sa mga tao na maaaring magkaroon ng problema na maaaring mangailangan ng atensiyon. Na lalong tinutukoy, ang patuloy na pagkakalantad sa 0.05 ppb ng vinyl chloride sa hangin sa loob panahon ng 70 taon ay nangangahulugang ikaw ay mayroong isa sa isandaang libong (1/100,000) pagkakataong magkaroon ng kanser.

Ang Proposisyon 65 na babala na ipinalabas noong Setyembre 2005 ay ipinadala sa 44 na address na kalapit ng pasilidad ng BKK, nangunguna dito ang Nogales Avenue at ang bahagi ng Lynn Court. Ang mga babala ay ipinadala sa 100 na mga address noong Disyembre 2005 at 210 na mga address noong Marso 2006 sa katulad lugar. Ang patuloy na Tipong I na lupang tapunan ng basura na pagbabantay sa vinyl chloride ay nagpapakita na ang kasalukuyang pagtaas sa bilang ng mga babala ay may kaugnayan sa mataas na antas sa pagbasa sa vinyl chloride sa estasyong nagmomonitor sa Lynn Court na humahantong mula sa 'hindi matagpuan' hanggang sa 1.17 ppb ang antas.

Bilang tugon sa sitwasyong ito, pinag-aralan muli ng DTSC ang ang mga balon na pinag-iimbakan ng gas sa lugar ng estasyong pangmonitor ng Lynn Court at masusing nilinis at isinaayos ang mga

balon upang masiguro na ito ay gumagana ng maayos. Ang trabahong ito ay natapos noong Enero 2006, at ang mga vinyl chloride na pagbasa na nakalap mula noong ika-31 ng Enero taong 2006 hanggang ika-4 ng Abril taong 2006 sa estasyong nagmomonitor sa Lynn Court ay mababa kaysa sa 0.05 ppb na antas ng Proposisyon 65. Ganunpaman, kinakailangang ipagpatuloy ng BKK ang pagpapalabas ng babala ng Proposisyon 65 hanggang sa ika-12 buwan sa patuloy na katamtamang konsentrasyon ng vinyl chloride ay bumaba sa ilalim ng 0.05 ppb na antas.

Ang DTSC ay magtatrabaho kalapit ng mga Nakikipagkasundong Defendant at ng SCS upang maingat na masubaybayan ang mga balon ng gas sa lugar na ito upang masiguro na ang mga ito ay malinis at nasaayos upang matulungang mapanatiling mababa ang vinyl chloride sa mas posibleng pamamaraan. Wala sa mga naobserbahang antas ng vinyl chloride sa Pasilidad ng BKK, kabilang na ang mga antas sa mga lugar ng Nogales Avenue at Lynn Court, ang nagpapakita ng banta sa mga residente ng nasabing mga lugar.

### **Pagbabago sa Pampublikong Pakikihalubilo ng DTSC**

Ang programang pampublikong pakikihalubilo ng DTSC ay nagbibigay sa komunidad ng oportunidad na malaman ang anumang ukol sa aming trabaho at upang makiisa sa aming paggawa ng desisyon. Upang maging mas epektibo ang programa, ang mga interesadong publiko ay nararapat na intindihin ang aming trabaho at magkaroon ng oportunidad na maipalam sa DTSC ang kanilang mga hinaing. Mula pa noong Nobyembre 2004, nang ang kontratista ng DTSC ay nagsimulang magsagawa ng mga kinakailangang aktibidad sa Pasilidad, ang Espesiyalista sa Pampublikong Pakikihalubilo na si Kim Rhodes at si Diane Fowler ang Superbisor sa Pampublikong Pakikihalubilo ang naging mga taong kinakailangang tawagan para sa mga katanungan ng publiko at mga nais ipaalam ng mga ito ukol sa pasilidad ng BKK. Si Ms. Rhodes ang kadalalasang unang kontak sa DTSC para sa koponan ng proyekto. Nasasagot niya ang mga katanungan ng komunidad at nakikipagpulongan

sa mga tao upang magbigay ng mga impormasyong maaaring makatulong.

Kamakailan lamang, may ginawang pagbabago ang DTSC sa bahagi ng pampublikong pakikihalubilo ng koponan ng proyekto para sa Pasilidad ng BKK. Ang Espesiyalista sa Pampublikong Pakikihalubilo na si Mr. Tim Chauvel, at ang Superbisor ng Pampublikong Pakikihalubilo na si Mr. Larry Woodson, ang pumalit kina Ms. Rhodes at Ms. Fowler sa koponan. Si Mr. Chauvel ay matatagpuan sa aming Tanggapan sa Cypress at ang ngayong lokal na kontak para sa komunidad.

Ipagpapatuloy ng DTSC ang pagbibigay-alam sa komunidad tungkol sa kalagayan ng proyektong ito. Sa ngayon, kung may mga tanong kayo tungkol sa impormasyon na nasa ulat ng impormasyong ito o anumang tanong tungkol sa mga gawain ng DTSC sa Pasilidad ng BKK, pakitawagan ang isa sa mga sumusunod na tauhan ng DTSC:

Andy Burow  
DTSC Essential Operations Manager  
(Tagapangasiwa ng mga Pangunahing Operasyon ng DTSC)  
8800 Cal Center Drive  
Sacramento, CA 95826  
(916) 255-6568  
[aburow@dtsc.ca.gov](mailto:aburow@dtsc.ca.gov)

Richard Allen  
DTSC Permitting and Corrective Action  
(Nagpapahintulot at Nagtatama sa Kilos ng DTSC)  
1011 North Grandview Avenue  
Glendale, CA 91201  
(818) 551-2924  
[rallen2@dtsc.ca.gov](mailto:rallen2@dtsc.ca.gov)

Tim Chauvel  
DTSC Public Participation Specialist  
(Espesiyalista sa Pampublikong Pakikihalubilo ng DTSC)  
5796 Corporate Avenue  
Cypress, CA 90630  
(714) 484-5487  
Libreng Numero (866) 495-5651  
[Tchauvel@dtsc.ca.gov](mailto:Tchauvel@dtsc.ca.gov)

Larry Woodson  
DTSC Public Participation Supervisor  
(Superbisor sa Pampublikong Pakikihalubilo ng DTSC)  
8800 Cal Center Drive  
Sacramento, CA 95826  
(916) 255-3648  
[Lwoodson@dtsc.ca.gov](mailto:Lwoodson@dtsc.ca.gov)

Para sa mga tanong pangmidya, pakitawagan si:  
Jeanne Garcia  
DTSC Public Information Officer (Opisyal ng Pampublikong Impormasyon ng DTSC)  
1011 North Grandview Avenue  
Glendale, CA 91201  
(818) 551-2176  
[jgarcia1@dtsc.ca.gov](mailto:jgarcia1@dtsc.ca.gov)

Maaari rin ninyo kaming tawagan sa libreng numero at mag-iwan ng berbal na mensahe. Ang libreng numero ay 866-284-0721.

#### **Lalagyan ng Impormasyon**

Ang mga dokumento tungkol sa Pasilidad ng BKK ay maaaring suriin sa mga sumusunod na lugar:

West Covina Public Library (Pampublikong Bahay Aklatan ng West Covina)  
1601 West Covina Parkway  
West Covina, California 91790

Walnut Public Library (Pampublikong Bahay Aklatan ng Walnut)  
21155 La Puente Road  
Walnut, California 91789

Department of Toxic Substances Control  
(Departamento ng Pamamahala ng Mga Bagay na May-lason)  
1011 North Grandview Avenue  
Glendale, California 91201

#### **Paunawa sa mga Bingi**

Maaari ninyong makuha ang mga karagdagang impormasyon sa pamamagitan ng paggamit ng Serbisyonng Pantelepono Para sa mga Bingi o Mayroon ng Sakit na Nakakahadlang sa Pag-Gamit ng Telepono ng Estadong California (California State Relay Service) sa:  
1-888-877-5378. Ipatawag ninyo sa kanila si Tim Chauvel sa (714) 484-5487.